## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 2 ★

BUMOTO NG OO SA PROP. 2 UPANG TUMULONG SA MAS MARAMI PANG ESTUDYANTE NG CALIFORNIA NA MATUTO SA LIGTAS, MALINIS, PINAHUSAY NA MGA PAARALAN!

Maraming pampublikong paaralan at kolehiyo ng komunidad sa buong California ang lipas na sa panahon at nangangailangan ng mga pagkukumpuni at pagpapahusay upang matugunan ang mga pangunahing pamantayan sa kalusugan at kaligtasan, ihanda ang mga estudyante para sa kolehiyo at mga karera ng ika-21 Siglo, at mapanatili at maakit ang mga de-kalidad na guro. Tutugunan ng Prop. 2 ang mga pangangailangang iyon at ginagabayan ng mahigpit na mga proteksyon sa pananagutan ng nagbabayad ng buwis upang ang mga pondo ay ginagastos ayon sa ipinangako na may lokal na kontrol.

PAG-AAYOS AT PAGPAPAHUSAY NG MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN SA CALIFORNIA

Maraming paaralan sa California ay luma, nasisira, hindi ligtas, at hindi kayang suportahan ang mga pangunahing pangangailangan ng ating mga anak. Nagbibigay ang Prop. 2 ng pagpopondo para sa agarang pagkukumpuni ng mga tumutulong bubong; nasisirang mga linya ng gas, kuryente, at imburnal; pagtutubero at mga banyo; pagbibigay ng malinis na inuming tubig; pag-aalis ng mapanganib na amag, asbestos, at tingga sa pintura mula sa ating mga paaralan; at pagprotekta sa mga estudyante mula sa matinding init.

GINAGAWANG MAS LIGTAS ANG MGA PAARALAN

Napakarami sa ating mga lokal na paaralan ang kulang sa sapat na mga proteksyon sa kaligtasan at seguridad. Gagawin ng Prop. 2 na mas ligtas ang mga estudyante sa pamamagitan ng pagpopondo sa mga kandado ng pinto, mga sistema ng komunikasyon at seguridad sa emerhensiya, mga alarma sa sunog, mga detektor ng usok, at iba pa.

PAGHAHANDA SA MGA ESTUDYANTE PARA SA MGA KARERA NG IKA-21 SIGLO

Pahuhusayin ng Prop. 2 ang mga lokal na paaralan at kolehiyo sa komunidad kabilang ang mga silid-aralan para sa agham, inhinyeriya, teknikal na karera, at bokasyonal na edukasyon; mga laboratoryo; at teknolohiya sa pag-aaral. Makakatulong ito sa mas maraming estudyante na makakuha ng pagsasanay sa trabaho, teknikal na kaalaman, at mga espesyal na kasanayan upang makipagkumpitensya para sa mga trabahong may magandang sahod sa makumpitensiyang ekonomiya

PAGPAPALAWAK NG ACCESS SA ABOT-KAYANG EDUKASYON SA KOLEHIYO

Ang Prop. 2 ay magpapalawak ng access sa de-kalidad at abot-kayang mas mataas na edukasyon para sa lahat ng taga-California—na magbibigay-daan sa mas maraming estudyante na makapagsimula ng kanilang edukasyon sa kolehiyo, makakuha ng mga kredito sa kolehiyo, at makalipat sa isang apat-na-taong unibersidad nang hindi nababaon sa utang.

PAGTULONG SA MGA BUMALIK NA BETERANO

Ang Prop. 2 ay tumutulong sa mga lokal na kolehiyo ng-komunidad na paghusayin ang mga pasilidad upang palawakin ang mga serbisyo sa beterano, pagsasanay sa trabaho, at suporta para sa sampu-sampung libong bumalik na mga beterano ng California na umaasa sa kanilang lokal na kolehiyo ng komunidad para sa pagsasanay sa trabaho at upang makumpleto ang kanilang edukasyon at makapasok sa sibilyang lakas paggawa.

PAGPAPANUMBALIK NG MGA PAARALANG NAAPEKTUHAN NG MGA WILDFIRE, LINDOL, AT IBA PANG NATURAL NA KALAMIDAD

Ang Prop. 2 ay nagbibigay ng agarang tulong sa mga paaralan na nasira o nawasak ng mga wildfire, baha, lindol, at iba pang natural na kalamidad upang mabilis silang makabangon at makatakbo.

PAGPROTEKTA SA LOKAL NA KONTROL SA BAWAT PROYEKTO

Pinoprotektahan ng Prop. 2 ang lokal na kontrol sa pamamagitan ng pagtiyak na ang pagpopondo nito ay gagamitin lamang para sa mga proyektong aprubado ng mga lokal na distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad, kasama ang komento ng lokal na komunidad. Ang lahat ng pera ay lokal na kokontrolin at gagastusin, kung saan ang mga nagbabayad ng buwis ay may boses sa pagpapasya kung paano pinakamahusay na ginagamit ang mga pondong ito upang mapabuti ang kanilang mga paaralan ng kapitbahayan, nang walang pagtaas ng mga lokal na buwis sa ari-arian.

RESPONSABLE SA PANANALAPI NA MAY MAHIGPIT NA PANANAGUTAN SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS

Ang Prop. 2 ay nangangailangan ng pampublikong pagsisiwalat ng bawat dolyar, mahigpit na independiyenteng mga pagsusuri ng pananalapi, at mahigpit na limitasyon sa mga gastos sa pangangasiwa at burukrasya. Tinitiyak ng mga proteksyong ito na ang pagpopondo ay direktang ginagastos sa mga paaralan at ginagamit nang mahusay at gaya ng ipinangako.

Ang ating mga paaralan ay lubhang nangangailangan ng mga pagpapahusay at pagkukumpuni upang matiyak na ang ating mga estudyante ay ligtas at handang matuto. Ang Prop. 2 ay tutulong sa ating mga estudyante na magtagumpay.

MANGYARING SAMAHAN KAMI SA PAGBOTO NG OO SA PROP. 2.

**David Goldberg**, Pangulo
Kapisanan ng mga Guro ng California

**Sheri Coburn**, Ehekutibong Direktor
Organisasyon ng mga Nars ng Paaralan ng California

**Larry Galizio**, Punong Ehekutibong Opisyal
Liga ng Kolehiyo ng Komunidad ng California

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 2 ★

*ANG PROPOSISYON 2 AY MAGPAPATAAS NG UTANG AT MAGRERESULTA SA MAS MATAAS NA BUWIS SA ARI-ARIAN*

Ang California ay may utang na higit sa $78 bilyon sa malalaking bangko at mga bilyonaryong mamumuhunan. Ang Prop. 2 ay magdaragdag ng $10 bilyon—$18 bilyon kapag nabayaran kasama ang interes—para sa mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad. Ito ay bukod pa sa humigit-kumulang 40% ng kabuuang badyet ng estado na garantisadong mapupunta sa pampublikong edukasyon mula sa Proposisyon 98.

Sa ilalim ng pormula ng pagpopondo na ginagamit sa Prop. 2, ang mga distrito ng paaralan ay kailangang magbigay ng "lokal na panumbas" na mga pondo upang makatanggap ng pera mula sa mga bono. Ito ay hahantong sa pag-isyu ng mga distrito ng mga bagong lokal na bono ng paaralan, na babayaran sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga bagong singil sa mga bayarin sa buwis sa ari-arian.

*HINDI PINAPANSIN NG PROP. 2 ANG PABABANG PAGPAPATALA SA MGA PAARALAN AT KOLEHIYO NG KOMUNIDAD*

Kawalan ng ingat ang mangutang ng bilyon-bilyon pa upang bayaran ang karagdagang mga gusali ng paaralan habang ang pagpapatala sa distrito ay bumababa. Ayon sa Kagawaran ng Pananalapi ng estado, "Naranasan ng California ang ika-6 na sunud-sunod na pagbaba sa kabuuang Pampublikong Pagpapatala sa K–12 sa taong pampaaralan 2022–23," at sa susunod na sampung taon, kung magpapatuloy ang kasalukuyang mga takbo, isang karagdagang pagbaba na 661,500 bago lumampas ang 2032–33.

Ang Prop. 2 ay nangungutang ng $1.5 bilyon para sa mga pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad ng California, ngunit ang pagpapatala sa mga kolehiyo ng komunidad ng estado ay bumaba mula noong 2019. Ipinapakita ng Institusyon ng Pampublikong Polisiya ng California na ang pagpatala sa mga kolehiyo ng komunidad ay "hindi makakabalik sa mga antas bago ang pandemya."

Habang ang mga pangako ng mga tagapagtaguyod ay hindi maigagarantiya, ang Prop. 2 ay talagang gumagarantiya ng mas mataas na buwis para sa mga labis nang nabibigatang taga-California.

*BUMOTO NG HINDI SA PROP. 2.*

**Miyembro ng Asembleya Bill Essayli**
**Jon Coupal**, Pangulo
Kapisanang Howard Jarvis ng mga Nagbabayad ng Buwis

 Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng alinmang opisyal na ahensiya.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 2 ★

*HINDI SA PROPOSISYON 2: Sabihin sa mga pulitiko na bigyang-priyoridad ang pagpopondo sa edukasyon kaysa sa libreng pangangalagang pangkalusugan para sa mga ilegal na imigrante sa ating badyet ng estado, sa halip na dagdagan pa ang pasanin ng mga nagbabayad ng buwis upang bayaran anglumalaking utang* ng *Sacramento*.

Ang Proposisyon 2 ay isa pang pagtatangkang umiwas sa mga problemang pinansyal ng California sa pamamagitan ng paghingi sa mga nagbabayad ng buwis na aprubahan ang isang $10 bilyong bono para sa pagpopondo sa edukasyon na dapat sana ay kasama sa $288 bilyon na pakete ng badyet.

Ang isang badyet ay isang salamin ng mga priyoridad, at pinili ng ating Lehislatura ng Estado na bigyang-priyoridad ang higit sa $5 bilyon para sa pangkalahatang pangangalaga sa kalusugan ng mga ilegal na imigrante sa halip na magbigay ng mga pondo upang suportahan at ayusin ang ating imprastraktura ng paaralan. Ang sagot ay hindi ang bilyon-bilyon sa bagong utang sa bono.

*Ang Prop. 2 ay Naglalagay ng Utang sa mga Susunod na Henerasyon na Babayaran ng Ating mga Anak sa loob ng mga Dekada*

Itinuturo ng Kapisanang Howard Jarvis ng mga Nagbabayad ng Buwis na ang mga bono ay hiniram na pera na dapat bayaran, kasama ang interes, kahit na iyon ay nangangahulugan ng pagputol ng mahahalagang programa upang magawa. Kamakailan ay nagdeklara si Gobernador Newsom ng isang emerhensiya sa badyet dahil ang California ay gumagastos nang higit sa nakukuha nito. Ang mga bata sa paaralan ngayon ay malulunod sa bagong utang sa loob ng mga dekada kung papasa ang Prop. 2.

Gustong mangutang ng mga pulitiko ng $10 bilyon mula sa Wall Street at ipabayad ito sa mga taga-California nang may kasamang interes, pinipilit ang mga nagbabayad ng buwis na magbayad ng hanggang $10 bilyon para sa mga pagbabayad ng serbisyo sa utang.

*Ang California ay Walang Pera, Ang mga Taga-California ay Labis na Binubuwisan, gagawin ng Prop. 2 na Mas Malala ang mga Bagay*

Ang California, na may matinding implasyon at may pinakamataas na buwis sa gasolina at gradwadong mga buwis sa kita sa bansa, ay mayroon nang higit sa $109 bilyon na natitira at hindi pa nailalabas na mga bono kasama ang halos $200 bilyon na hindi pinopondohang mga pensiyon at mga medikal na benepisyo ng mga retirado—mahigit sa isang-kapat na trilyong dolyar.

Kailangang pasanin ng mga taga-California ang mas malaking pagtaas sa kanilang pasanin sa buwis upang mabayaran ang ating mga bono at kaugnay na mga pagbabayad ng interes. Ang utang natin sa bono ay $2,460 kada taon.

Ang mga pulitiko sa Sacramento ay labis na gumagastos, nag-issyu ng mga bono, at pinaparusahan tayo ng mga pagtaas ng buwis sa ating mga sasakyan, gasolina, at kita. At ang mga dolyar ng buwis na iyon ay bihirang mapunta sa sinasabi ng mga pulitiko—ang ating mga kalsada ay nasisira habang bilyon-bilyon ang napupunta sa High-Speed Rail.

*Ang Prop. 2 ay ang Pinakabago sa Mahabang Listahan ng mga Nabigong Pangako*

Noong 2012, inaprubahan ng mga botante ng California ang Proposisyon 30na ukol sa “pansamantalang” pagtaas ng buwis sa kita at buwis sa pagbebenta. Kasunod, pinalawig ng Proposisyon 55 noong 2016 ang marami sa mga “pansamantalang” buwis na iyon hanggang 2028. Sa parehong pagkakataon, ang mga unyon ng mga guro ay nangako ng bilyun-bilyon na pagpopondo para sa ating mga paaralan.

Ang mga tila butas ng pera sa malawak na burukrasya ng edukasyon ay sisipsip sa karamihan sa mga pondo ng Prop. 2 nang wala kahit isang sentimo na mapupunta sa direktang pagtuturo sa mga silid-aralan ng paaralan. Sa halip, ang perang ito ay gagastusin sa mga maaksayang proyekto sa konstruksyon na pakikinabangan ng mga espesyal na interes.

Ang mga paaralan ng California ay patuloy na nirarangguhan na malapit sa pinakamababa sa bansa. Sa halip na magtapon ng halos $20 bilyon sa mga proyektong konstruksyon ng paaralan, kailangan ng ating estado ng isang mahusay na pinag-isipan, pangmatagalang solusyon upang makamit ang mataas na pamantayan ng kahusayan sa pagbabasa, pagsusulat, at matematika. Ang Prop. 2 ay walang ginagawa upang mapabuti ang pagtuturo sa silid-aralan o tulungan ang ating mga anak na magtagumpay.

Tinanggihan ng mga botante ang Proposisyon 13, na isang $15 bilyon na bono sa paaralan, noong 2020 para sa eksaktong mga kadahilanang ito.

*BUMOTO NG HINDI SA PROP. 2.*

**Miyembro ng Asembleya Bill Essayli**

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 2 ★

Ang Prop. 2 ay tumitiyak na ang mga estudyante sa California ay may pagkakataong mag-aral sa ligtas, napapanahong mga paaralan habang pinoprotektahan ang mga nagbabayad ng buwis.

ANG PROP. 2 AY HINDI ISANG PAGTAAS NG BUWIS

Popondohan ng Prop. 2 ang mga lokal na pagpapahusay at pagkukumpuni sa mga paaralan at kolehiyo ng komunidad nang hindi nagtataas ng pang-estado o lokal na buwis, sa kabila ng sinasabi ng mga kritiko. Ang ilan sa mga tumututol sa Prop. 2 ay walang alam tungkol sa pagtustos ng bono ng estado at gumagawa ng mga hindi totoong pahayag dahil gusto lang nilang bawasan ng estado ang pagpopondo para sa pampublikong edukasyon.

HINDI NA TAYO MAKAKAPAGHINTAY

Napakaraming estudyante sa California ang nag-aaral sa mga paaralang may tumutulong bubong, hindi ligtas na inuming tubig, amag, asbestos, pintura na may tingga, at mga tubo na may tingga. May malaking backlog ng mga pagkukumpuni sa mga lokal na paaralan ngunit walang pondo mula sa estado para dito. Ang Prop. 2 ay nagbibigay ng pagpopondo upang makuha ng ating mga paaralan ang mga pagpapahusay na lubhang kailangan nila, tinitiyak na ang mga estudyante ay may ligtas, malusog na mga paaralan upang suportahan ang pag-aaral.

MAHIGPIT NA PANANAGUTAN AT PROTEKSYON PARA SA NAGBABAYAD NG BUWIS

Ang Prop. 2 ay naglalagay sa mga lokal na botante sa kontrol kung paano ginagastos ang mga pera sa bono ng paaralan. Kinakailangan nito ang pampublikong pagsisiwalat ng lahat ng pang-estado at lokal na paggastos, taunang pagsusuri, at mahigpit na pamantayan sa pagtutuos. Bukod pa rito, pinoprotektahan nito ang mga nagbabayad ng buwis mula sa mas mataas na lokal na buwis sa ari-arian sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga panumbas na pondo sa estado sa mga lokal na komunidad upang hindi na nila kailangan pang makalikom ng mas maraming pera upang pondohan ang buong halaga ng pagkukumpuni at pagpapahusay ng paaralan.

Ang Prop. 2 ay isang panukala ng dalawang partido na tutulong sa mas maraming estudyante na makakuha ng de-kalidad na edukasyon, dagdagan ang access sa isang abot-kayang edukasyon sa kolehiyo, at mapabuti ang mga pagkakataon sa pagsasanay sa trabaho para sa mga beterano at estudyante.

Bumoto ng OO sa Prop. 2.

**Susan Dixon**, Pangulo sa Estado
Kapisanan ng mga Guro sa California

**Diana Limon**, Direktor
Internasyonal na Kapatiran ng Mga Manggagawa sa Elekstrisidad Lokal na Unyon 11

**Sheri Coburn**, Ehekutibong Direktor
Organisasyon ng mga Nars ng Paaralan ng California